DepEd-Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
RELEASED
BY: ___ No: 212
DATE: 12 APR 2024 TIME: 4:25

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon V - BICOL
TANGGAPANG PANSANGAY NG CATANDUANES

11 Abril 2024

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 212, s. 2024

## 2024 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS
## READ-A-THON SA FILIPINO

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punongguro ng Elementarya at Sekundarya (Pampubliko at Pribado)
Iba Pang Kinauukulan

1. Upang matamo ang layuning dekalidad, nauugnay, napapabilang, at tumutugon na edukasyon, ang Department of Education (DepEd) Rehiyon V ay magsasagawa ng Regional Festival Of Talents (RFOT) sa darating na Mayo 16-18, 2024 sa DepEd, Sangay ng Sorsogon. Kaugnay nito, ang Division Festival of Talents (DFOT) Read-A-Thon sa Filipino sa Sangay ng Catanduanes para sa elementarya at sekundarya (Baitang 3, 6, at 10), na may temang "Galing, Talino, at Husay ng mga Batang Makabansa sa Diwa ng MATATAG na Adhika" sa Mayo 3, 2024 simula 8:00 nu –6:30 nh. Ipapabatid na lamang ang lugar na pagdadausan.

2. Pangkalahatang layunin ng DFOT ang mabigyan ng oportunidad ang mga mag-aaral kasama ang Alternative Learning System (ALS), Indigenous People Education (IPED), Special Needs Education Program (SNED), at Madrasah Education Program (MEP) na maipakita ang kanilang nagawa/produkto, serbisyo at performans sa iba't ibang kategorya ng patimpalak.

3. Ang Pansangay na Read-A-Thon sa Filipino ay naayon sa MATATATAG agenda: **MA**ke the curriculum relevant to produce competent and job-ready, active, and responsible citizens; **TA**ke steps to accelerate the delivery of basic education facilities and services; **TA**ke good care of learners by promoting learner well-being, inclusive education programs and ensuring that all learners, regardless of background, have access to quality learning opportunities and services; and **G**ive support to teachers to teach better.

4. Ang kalahok ay ang mga nanalo ng unang puwesto sa bawat kategorya. Inaasahan ang tatlong (3) kalahok na manggagaling sa bawat munisipyo kasama ng kanilang tagapagsanay.



CamScanner

5. Ang oryentasyon ng Division Technical Working Group (DTWG) ay gaganapin sa Abril 13, 2024 at Mayo 2, 2024 sa Curriculum Implementation Division (CID) at VPES simula 8:00 nu– 12:00 nt. Lahat ng kalahok ay bibigyan ng service credit/COC.

6. Iminumungkahi na ang pangmunisipal na patimpalak ay gawin sa ikatlong linggo ng Abril.

7. Ang rehistrasyon ay P575.00 bawat kalahok para sa gastusin sa pagkain ng DTWG sa oryentasyon at sa araw ng pansangay na patimpalak, honorarium ng tagapagsalita at suplay. Ito ay manggagaling sa Program Support Funds/MOOE/SEF/Local Fund ng paaralan/Sangay. Ang pamasahe ng mga kalahok ay manggagaling din sa MOOE ng paaralan at sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

8. Kalakip nito ang sumusunod:

a. Tuntunin at Pamantayan sa Patimpalak
b. Teknikal na Pangkat (Technichal Working Group)
c. Daloy ng Gawain
d. Pormularyo para sa opisyal na kalahok
e. Programa

9. Para sa inyong katanungan, maaaring makipag-ugnayan kay Ma. Gina M. Templonuevo, Tagamasid Pansangay sa Filipino sa mobile phone numbers 09216641227 o sa email address: gina.templonuevo@deped.gov.ph.

10. Hinihiling ang malawakang pagpapabatid at pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SOCORRO V. DELA ROSA, CESO V**
Tagapamanihala

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Regional Memorandum No. 353, s. 2024

Ilalagay sa Palagiang Taluntunan
Sa Ilalim ng Sumusunod na Paksa:
FESTIVAL OF TALENTS PATIMPALAK PERFORMANCE OUTCOMES KEY STAGE STANDARDS

CID/OMT
11/04/2024



CamScanner

Kalakip 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 212, s. 2024

# 2024 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS
## READ-A-THON SA FILIPINO

(Pagdiwang ng mga Talento at Kasanayan sa Pamamagitan ng Pagtatanghal at Pagpapakita ng Kaalaman sa Academic Batay sa Learning Standard ng Bawat Yugto)

Baitang 3 - Muling Pagkukuwento
Baitang 6 - Interpretatibong Pagbasa
Baitang 10 - Sulat-Bigkas ng Talumpati

| Kategorya | Paraan ng Pagtatanghal | Bilang ng Kalahok bawat munisipyo | Bilang ng Tagapagsanay Bawat munisipyo | Inilaang Oras |
|---|---|---|---|---|
| Muling Pagkukuwento | Harapan | 1 | 1 | 30 minuto |
| Interpretatibong Pagbasa | Harapan | 1 | 1 | 20 minuto |
| Sulat-Bigkas ng Talumpati | Harapan | 1 | 1 | 60 minuto |
| **Total** | | **3** | **3** | |

| | |
|---|---|
| **SAKLAW NA KOMPONENT** | **READ-A-THON SA FILIPINO** |
| **YUGTONG KINABIBILANGAN** | Unang Yugto - Ikatlong Baitang |
| **KATEGORYA** | **Muling Pagkukuwento** |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isang (1) Mag-aaral at Isang (1) Tagapagsanay |
| **LAANG ORAS** | 30 minuto para sa paghahanda at pagtatanghal |
| | |



CamScanner

| | |
|---|---|
| **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Naipahahayag ng mag-aaral nang matatas ang sariling mga ideya at nagagamit ang mga kasanayan at estratehiya sa pagbasa at pagsasalita nang naaangkop upang maipahayag ang sariling pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng muling pagkukuwento. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip |
| **CREATIVE INDUSTRIES DOMAIN** | Performing Arts Domain |
| **DESKRIPSIYON** | Ang **Muling Pagkukuwento** ay isang kategorya ng *Read-A-Thon* na tinataya ang pag-unawa ng kalahok na mag-aaral sa isang tiyak na kuwentong binasa sa pamamagitan ng muling pagkukuwento o pagsasalaysay nito gamit ang kanilang sariling salita at ekspresyon. |
| **MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL** | (see table below) |

| Mga Pamantayan | Bahagdan |
|---|---|
| **Kaalaman/Komprehensiyon sa Kuwento**<br>• Naisasalaysay muli nang tumpak sa mahahalagang detalye at elemento ng kuwentong binasa<br>• Naisasalaysay muli ang kuwentong binasa ayon sa tamang pagkasunod-sunod ng mahahalagang detalye at pangyayari | 50% |
| **Paggamit ng Tinig (Tamang Tono, Tatas at Ekspresyon sa Pagsasalaysay)**<br>• Naisasalaysay muli ang kuwento nang may wastong paggamit ng salita at tamang lakas sa pandinig ng mga manonood<br>• Naipapamalas ang wastong diin, intonasyon, at pagbigkas | 30% |
| **Pagganap sa Entablado**<br>• Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw | 20% |


San Roque, Virac, Catanduanes
052 - 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedroycatanduanes.com
DepEd Tayo - Region V - Catanduanes

| | | |
|---|---|---|
| | • Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | |
| | **KABUUAN** | **100%** |

**I. MGA GABAY NA TUNTUNIN AT MEKANIKS**

A. Ang **Muling Pagkukuwento** ay isang paligsahan sa lahat ng mag-aaral sa Ikatlong Baitang na opisyal na nakatala sa publiko at pribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat rehiyon ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.

B. Ipagkakaloob ang isang limbag na kopya ng kuwento, panulat, at papel sa mga kalahok ng Division Technical Working Group (DTWG) sa mismong panahon ng pagganap. Ang mga ito ay dapat makuha mula sa kanila bago ang kanilang aktuwal na pagganap.

C. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang silid (Holding Area) na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid (Preparation Area) upang pag-aralan ang kuwento.

D. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang numero ng pagkakakilanlan ay dapat isagawa tatlumpung (30) minuto bago magsimula ang pagganap.

E. Sa silid-paligsahan, pagkakalooban ng dalawampu't limang (25) minuto ang mga kalahok para sa tahimik na pagbasa at pag-unawa ng kuwento. Maaaring gumamit ng panulat at papel upang maiayos ang mga naiisip na gagawing pagganap. Pagkatapos nito, muling isasalaysay ang nabasang kuwento gamit ang sariling mga salita na hindi lalampas ng limang (5) minuto.

F. Magtataas ang DTWG ng *flaglet* na kulay berde bilang hudyat ng simula ng itinakdang oras ng pagganap; dilaw na *flaglet* para sa natitirang tatlumpung (30) segundo; at pulang *flaglet* kung tapos na ang inilaang oras ng pagtatanghal.

G. Ang paggamit ng cellphone o anomang gadget at/o pagdadala ng sanggunian/babasahin, sipi ng kuwento, kasuotan, *props*, kagamitang pangmusika/accompaniment ay hindi pinahihintulutan sa loob ng silid-paligsahan.



CamScanner

| |
|---|
| H. Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok. |
| **II. Kagamitan mula sa Tagapamahala ng Pagtatanghal** |
| • Kaugnay na mga suplay at materyal para sa pagtatanghal<br>• Kopya ng Kuwento<br>• Orasan at mga *flaglets*<br>• Mga opisyal na papel para sa palabunutan<br>• *Wireless* na mikropono na may stand<br>• *Sound system*<br>• Mga Sertipiko<br>• Mga lapis<br>• Mga *ballpen*<br>• Mga *folder*<br>• *Bond paper*<br>• *Holding Area, Preparation Area, and Contest Area*<br>• *Signages (e.g., Preparation Area, Holding Area, and Contest Area)* |

| **COMPONENT AREA** | **READ-A-THON SA FILIPINO** |
|---|---|
| **YUGTONG KINABIBILANGAN** | Ikalawang Yugto - Ikaanim na Baitang |
| **KATEGORYA** | **Interpretatibong Pagbasa** |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isang (1) Mag-aaral at Isang (1) Tagapagsanay |
| **LAANG ORAS** | 20 minuto para sa paghahanda at pagtatanghal |
| **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Nakababasa ang mag-aaral ng mga tekstong pampanitikan nang wasto, matatas, at malikhaing naipararating mensahe nito nang may tamang lakas, damdamin, at ekspresyon para sa pag-unawa ng mga manonood. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip |
| **CREATIVE INDUSTRIES DOMAIN** | Performing Arts Domain |

<table>
<tr><td>DESKRIPSIYON</td><td>Ang Interpretatibong Pagbasa ay isang kategorya ng Read-A-Thon na nagbibigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maipamalas ang kanilang kasanayan at kakayahan sa pagpapahayag gamit ang epektibong berbal at di-berbal na pahiwatig sa pamamagitan ng interpretatibong pagbasa nang malakas ng isang kuwento.</td></tr>
<tr><td>MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL</td><td>
<table>
<tr><th>Mga Pamantayan</th><th>Bahagdan</th></tr>
<tr><td>Pagbibigay-Interpretasyon<ul><li>Nabibigyan ng angkop na interpretasyon ang mensahe/tema, emosyon, damdamin, karakter, at iba pang kaugnay na elemento ng kuwento</li><li>Nakapagpapakita nang malikhain at madulang pagtatanghal</li></ul></td><td>50%</td></tr>
<tr><td>Paggamit ng Tinig<ul><li>Naipahahayag nang malinaw, natatangi, may angkop na pagtigil, tinis, at modulasyon ng tinig</li><li>Nabibigkas nang may tamang lakas para marinig ng mga manonood</li></ul></td><td>30%</td></tr>
<tr><td>Pagganap sa Entablado<ul><li>Naipakikita ang kumpiyansa at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw</li><li>Nakapagtatanghal sa itinakdang oras</li></ul></td><td>20%</td></tr>
<tr><td>KABUOAN</td><td>100%</td></tr>
</table>
</td></tr>
<tr><td colspan="2">I. PATNUBAY SA MGA KALAHOK</td></tr>
<tr><td colspan="2">A. Ang Interpretatibong Pagbasa ay isang paligsahan bukas sa lahat ng mag-aaral sa Ikaanim na Baitang na opisyal na nakatala sa publiko at pribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat rehiyon ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.<br><br>B. Ipagkakaloob ang isang limbag na kopya ng isang kuwento sa Filipino ng Division Technical Working Group (DTWG) sa mismong panahon ng pagganap. Ang mga ito ay dapat makuha mula sa kanila bago ang kanilang aktuwal na pagganap.</td></tr>
</table>



CamScanner

C. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang silid (Holding Area) na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid (Preparation Area) upang pag-aralan ang kuwento.

D. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang numero ng pagkakakilanlan ay dapat isagawa tatlumpung (30) minuto bago magsimula ang pagganap.

E. Sa silid-paligsahan, pagkakalooban ng labinlimang (15) minuto ang mga kalahok para sa pagbasa at pag-unawa sa kuwento. Pagkatapos nito ang pagganap, babasahin ang kuwento nang may tamang lakas, malikhain, makatotohanan at may damdamin na hindi lalampas ng limang (5) minuto.

F. Magtataas ang DTWG ng *flaglet* na kulay berde bilang hudyat ng simula ng itinakdang oras ng pagganap; dilaw na *flaglet* para sa natitirang tatlumpung (30) segundo; at pulang *flaglet* kung tapos na ang inilaang oras ng pagtatanghal.

G. Ang paggamit ng cellphone o anomang gadget at/o pagdadala ng sanggunian/babasahin, sipi ng kuwento, kasuotan, props, kagamitang pangmusika/accompaniment ay hindi pinahihintulutan sa loob ng silid-paligsahan.

H. Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok.

**II. Kagamitan mula sa Tagapamahala ng Pagtatanghal**

- Kaugnay na mga suplay at materyal para sa pagtatanghal
- Kopya ng Kuwento
- Orasan at mga *flaglets*
- Mga opisyal na papel para sa palabunutan
- *Wireless* na mikropono na may stand
- *Sound system*
- Mga Sertipiko
- Mga lapis
- Mga *ballpen*
- Mga *folder*
- *Bond paper*
- *Holding Area, Preparation Area, and Contest Area*
- Mga karatula *(e.g., Preparation Area, Holding Area, and Contest Area)*


San Roque, Virac, Catanduanes
052 - 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo - Region V - Catanduanes
CamScanner

| | |
|---|---|
| **SAKLAW NA KOMPONENT** | **READ-A-THON SA FILIPINO** |
| **YUGTONG KINABIBILANGAN** | Ikatlong Yugto - Ikasampung Baitang |
| **KATEGORYA** | **SULAT-BIGKAS NG TALUMPATI** |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isang (1) Mag-aaral at Isang (1) Tagapagsanay |
| **LAANG ORAS** | Isang (1) oras para sa pagsulat, paghahanda, at pagbigkas ng talumpati |
| **PAMANTAYAN SA PAGGANAP** | Nakabubuo at nakapaglalahad ang mag-aaral ng isang maikli at mapanghikayat na talumpati gamit ang mga teknik na nakahihikayat, mga epektibong berbal at di-berbal na estratehiya sa pagpapahayag, at iba pang mga pamaraan sa mabisang pananalita. |
| **IKA-21 SIGLONG KASANAYAN** | Komunikasyon, Pagkamalikhain, at Kritikal/Mapanuring Pag-iisip |
| **CREATIVE INDUSTRIES DOMAIN** | Performing Arts Domain |
| **DESKRIPSIYON** | Ang **SULAT-BIGKAS NG TALUMPATI** ay isang kategorya *ng Read-A-Thon* na magbibigay pagkakataon sa mga mag-aaral na kalahok na sumulat ng maikli at makabuluhang talumpati hinggil sa tiyak na paksa o tema na bibigkasin sa isang pormal at marangal na paraan sa harap ng madla. |
| **MGA PAMANTAYAN SA PAGTATANGHAL** | (see table below) |

| Krayterya | Bahagdan |
|---|---|
| **Pagsulat at Pagtatalumpati**<br>• Nakabubuo ng talumpati na may tamang ikli/haba, lohikal, may koherens, at ayon sa ibinigay na paksa o tema<br>• Naipahahayag ang talumpati nang pormal, may angkop na tikas at tindig, kawili-wili, at mapanghikayat<br>• Nakagagamit ng mga angkop na salitang naglalarawan ng sariling | 50% |

San Roque, Virac, Catanduanes
052 - 8114061
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo - Region V - Catanduanes

| | | |
|---|---|---|
| | kaisipan, damdamin, at pagpapahayag | |
| | **Paggamit ng Tinig**<br>• Nakapagpapahayag nang malinaw, natatangi, at may angkop na pagtigil, tinis, at modulasyon ng tinig<br>• Nabibigkas nang may tamang lakas para marinig ng mga manonood | 30% |
| | **Pagganap sa Entablado**<br>• Naipakikita ang tiwala sa sarili at angkop na postura/pagganap, ekspresyon ng mukha, at kilos/galaw<br>• Nakapagtatanghal sa itinakdang oras | 20% |
| | **KABUOAN** | **100%** |

**PATNUBAY SA MGA KALAHOK**

A. Ang **Sulat-Bigkas ng Talumpati** ay isang paligsahan bukas sa lahat ng mag-aaral sa Ikasampung Baitang na opisyal na nakatala sa publiko at pribadong paaralan. Dapat magparehistro ang bawat rehiyon ng isang (1) mag-aaral at isang (1) tagapagsanay.

B. Ipagkakaloob ang panulat at papel ay ibibigay sa mga kalahok ng Division Technical Working Group (DTWG) sa mismong panahon ng pagganap. Ito ay kukunin mula sa kanila pagkatapos ng kanilang aktuwal na pagganap.

C. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang silid (Holding Area) na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid (Preparation Area) upang pag-aralan ang kuwento.

D. Ang mga kalahok ay hindi pinahihintulutang magdala ng kopya ng anomang talumpati, kasuotan, props, o instrumentong pangmusika/saliw para sa pagtatanghal.

E. Ang pagbunot ng mga kalahok para sa kanilang numero ng pagkakakilanlan ay dapat isagawa tatlumpung (30) minuto bago magsimula ang pagganap.



CamScanner

F. Sa silid-paligsahan, pagkakalooban ang mga kalahok ng paksa o tema para sa kanilang talumpati. Bibigyan sila ng limampung (50) minuto para isulat sa isang papel ang kanilang maikling talumpati batay sa ibinigay na paksa o tema. Pagkatapos, kukunin ng DTWG ang mga naisulat na talumpati mula sa mga kalahok. Hindi papayagang muling isulat o baguhin ang kanilang talumpati.

G. Para bigyan ng panahon sa paghahanda ang mga kalahok bago ang pagbigkas, ibabalik sa kanila ng DTWG ang kopya ng kanilang naisulat na talumpati mula limang (5) minuto bago ang kanilang pagtatalumpati.

H. Tatawagin ang mga kalahok para sa pagbigkas ng kanilang talumpati nang hindi lalampas sa limang (5) minuto.

I. Magtataas ang DTWG ng *flaglet* na kulay berde bilang hudyat ng simula ng itinakdang oras ng pagganap; dilaw na *flaglet* para sa natitirang tatlumpung (30) segundo; at pulang *flaglet* kung tapos na ang inilaang oras ng pagtatanghal.

J. Ang paggamit ng cellphone o anomang gadget at/o pagdadala ng sanggunian/babasahin, sipi ng kuwento, kasuotan, *props*, kagamitang pangmusika/accompaniment ay hindi pinahihintulutan sa loob ng silid-paligsahan.

K. Puting *t-shirt* (walang pagkakakilanlan ng paaralan/sangay/rehiyon) at maong na pantalon ang suot ng mga kalahok.

**II. Kagamitan mula sa Tagapamahala ng Pagtatanghal**

- Kaugnay na mga suplay at *material* para sa pagtatanghal
- Orasan at mga *flaglets*
- Mga opisyal na papel para sa palabunutan
- Tagatukoy ng numero
- *Wireless* na mikropono na may stand
- *Sound system*
- Mga Sertipiko
- Mga lapis
- Mga *ballpen*
- Mga *folder*
- *Bond paper*
- *Holding Area, Preparation Area, and Contest Area*
- *Signages (e.g., Preparation Area, Holding Area, and Contest Area)*


San Roque, Virac, Catanduanes
052 - 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo - Region V - Catanduanes

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V - BICOL
TANGGAPANG PANSANGAY NG CATANDUANES

Kalakip 2 sa Memorandum Pansangay Blg. 212, s. 2024

2024 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS
Read-A-Thon Sa Filipino

**PANGKALAHATANG KOMITE**

**Socorro V. Dela Rosa, CESO V**
Tagapamanihala
**Cecile C. Ferro, CESO VI**
Kawaksing Tagapamanihala

**Romel G. Petajen**
Punong Tagamasid

**Ma. Gina M. Templonuevo**
Tagamasid Pansangay sa Filipino

Tagapamahala sa Pangmunisipal na Patimpalak
Mga Tagamasid Pampurok/In-Charge

**TEKNIKAL NA PANGKAT NG PANSANGAY NA READ-A-THON**
**(Division Technical Working Group)**

| **KOMITE SA PROGRAMA AT IMBITASYON** | | **KOMITE SA SERTIPIKO** |
|---|---|---|
| Paul Jhon C. Padilla – T III (VPES) | Tagapangulo | Efren Gorrubat – HT III (SAVS) |
| Edbryan Tresvalles – T III (Cabugao IS) | Ka-Tagapangulo | Edbryan Tresvalles – TIII (Cabugao IS) |
| Pamela Jane V. Masagca _ TIII (SAVS) | Miyembro | Cecile S. Alvea – PI (Jose Rizal ES) |
| **KOMITE SA TABULASYON/PPT** | | **KOMITE SA PARANGAL** |
| Ar-Jay D. Callos – TIII (VPES) | Tagapangulo | Salve Templo – (VPES) |
| Nanette Tejerero – TIII (Clatagan HS) | Ka-Tagapangulo | Edna Marquez – MT II (Calatagan ES)<br>Liza Bonafe – MT II (Bato RDHS) |
| Christophere S. Tapas – TIII (Patagan ES) | Miyembro | |
| **KOMITE SA DOKUMENTASYON AT ULAT NG TAGUMPAY** | | **KOMITE SA PAGKAIN** |
| Francia Gimenez – MTI (VPES) | Tagapangulo | Edna Marquez – MT I (Calatagan ES) |
| Roselle M. Templonuevo – MT I (CNHS) | Ka-Tagapangulo | Francia Gimenez – MT II (VPES) |
| | Miyembro | |
| **KOMITE SA SUPLAY AT KAGAMITAN** | | **KOMITE SA REHISTRASYON** |
| Jesselou T. Balmadrid – TIII (Taytay ES) | Tagapangulo | Liza R. Bernardo – AO IV (Kahera) |
| | Ka-Tagapangulo | Jovylyn T. Surban – TIII (CNHS) |
| | Miyembro | |
| **KOMITE SA PUBLISIDAD** | | **KOMITE SA EBALWASYON** |
| Edbryan Tresvalles – TIII (Cabugao IS) | Tagapangulo | Sarah S. Chiong – SEPS II (SDO Proper) |
| Rosemarie T. Bernal – TIII (San Miguel ES)<br>Joshua Orgaya TIII – (Dororian NHS) | Ka-Tagapangulo | |
| | Miyembro | |



CamScanner

Mga Tagapagpadaloy ng Patimpalak

| **Muling Pagkukuwento (Baitang 3)** | | **Interpretatibong Pagbasa (Baitang 6)** |
|---|---|---|
| Salve T. Templo -P III (VPES) | Tagapangulo | Soledad S. Gianan – PII (Cabcab ES) |
| Juan O.Geromo – PI (Agban CES) | Ka-Tagapangulo | Janet M. Tonio – PI (Tambongon NHS)<br>Jenry P. Tayam – PI (Guinobatan ES) |
| Thielen C. Go – MT II (VPES) | Miyembro | Edwina F. Camacho- PI (Timbaan ES) |
| | **Sulat-Bigkas ng Talumpati (Baitang 10)** | |
| | Tagapangulo | Eligio Sales- PI (Igang ES) |
| | Ka-Tagapangulo | Napoleon I. Arcilla PI (Mayngaway ES)<br>Rico A. Trollano -HTI (Dororian NHS) |
| | Miyembro | Liza Bonafe MT II (Bato RDHS) |



CamScanner

Kagawaran ng Edukasyon

REHIYON V - BICOL

TANGGAPANG PANSANGAY NG CATANDUANES

Kalakip 3 sa Memorandum Pansangay Blg. 212, s. 20024

# 2024 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS
## Read-A-Thon Sa Filipino
## (Pagdiwang ng mga Talento at Kasanayan sa Pamamagitan ng Pagtatanghal at Pagpapakita ng Kaalaman sa Academic Batay sa Learning Standard ng Bawat Yugto)

Petsa: Mayo 3, 2024

**DALOY NG GAWAIN**

| ORAS | MAYO 2, 2024 | MAYO 3, 2024<br>Araw ng Patimpalak |
|---|---|---|
| 7:00 – 8:00 | Muling Oryentasyon at Paghahanda ng DTWG | Rehistrasyon |
| 8:00 – 9:00 | | Pambungad na Palatuntunan |
| 9:00 – 10:00 | | Muling Pagkukuwento |
| 10:00 – 11:00 | | |
| 11:00 – 12:00 | | |
| 12:00 – 1:00 | | Pananghalian |
| 1:00 – 2:00 | | Interpretatibong Pagbasa |
| 2:00 – 3:00 | | |
| 3:00 – 4:00 | | Sulat-Bigkas ng Talumpati |
| 4:00 – 5:00 | | |
| 5:00- 6:00 | | Pampinid- Pagbibigay ng Parangal |
| 6:00 – 6:30 | | Oryentasyon para sa mga Kalahok sa RFOT<br>Venue: CID |
| | | Uwian |


DepED MATATAG

BAGONG PILIPINAS

San Roque, Virac, Catanduanes
052 – 8114063
catanduanes@deped.gov.ph
www.depedrovcatanduanes.com
DepEd Tayo – Region V - Catanduanes

Kalakip 4 sa Memorandum Pansangay Blg. 212, s. 20024

# PORMULARYO NG PAGLAHOK
(Isang pormularyo bawat kalahok)

2024 DIVISION FESTIVAL OF TALENTS
Read-A-Thon Sa Filipino
Mayo 3, 2024

| Pangalan ng Kalahok | | Tagapagsanay | |
|---|---|---|---|
| Paaralan | | Prinsipal | |
| Munisipyo | | Tagamasid Pampurok | |
| Kategorya | | | |
| | Muling Pagkukuwento | Interpretatibong Pagbasa | Sulat- Bigkas ng Talumpati |
| Lagyan ng tsek | | | |

Paalala:

1. Ang deadline ng pagsumite ng opisyal na kalahok ay Abril 30, 2024 c/o Ma. Gina M. Templonuevo, Tagamasid sa Filipino.
2. Magbabayad ng rehistrasyon sa Kahera (Cashier) ng Sangay ang kalahok sa Abril 30, 2024. Ito ay upang maiwasan ang pagkaantala ng daloy ng gawain sa oras ng patimpalak. Ipakita sa komite sa rehistrasyon ang inyong resibo sa Mayo 3, 2024.
3. Para sa online na paunang rehistrasyon, gamitin ang google form: **https://forms.gle/ZJUHpZGRoPw9F.**



CamScanner

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V - BICOL
TANGGAPANG PANSANGAY NG CATANDUANES

Kalakip 5 sa Memorandum Pansangay Blg. 212, s. 2024

2024 FESTIVAL OF TALENTS
Read-A-Thon Sa Filipino

Mayo 3, 2024

7:00 nu

**PROGRAMA**

❖ PAMBUNGAD NA PALATUNTUNAN

| | | |
|---|---|---|
| 8:00 – 8:10 | Pambansang Awit | AVP |
| | Panalangin/Inang Catandungan/QMS/RDEP | AVP |
| 8:10 – 8:20 | Pagkilala ng Kalahok | Jessie Icaranom<br>Principal I |
| 8:20 – 8:30 | Pampasiglang Bilang | Mga piling mag-aaral ng VPES |
| 8:30 – 8:40 | Pambungad na Pananalita | Salve T. Templo<br>Principal III (VPES) |
| 8:40 – 8:45 | Mensahe | Romel G. Petajen<br>Punong Tagamasid |
| 8:45 – 8:50 | Mensahe | Cecile C. Ferro<br>Kawaksing Tagapamanihala |
| 8:50 – 8:55 | Pampasiglang Mensahe | Socorro V. Dela Rosa<br>Tagapamanihala |
| 8:55 – 9:00 | Oryentasyon | Ma. Gina M. Templonuevo<br>Tagamasid Pansangay (Filipino) |
| | Mga Guro ng Palatuntunan<br><br>Joshua Loyd Orgaya TIII (Dororian NHS)<br>Roselle Templonuevo MT I (CNHS) | |



CamScanner

# PROGRAMA

❖ PAMPINID NA PALATUNTUNAN

| | | |
|---|---|---|
| 5:00 – 5:10 | Pambansang Awit | AVP |
| | Panalangin/Inang Catandungan/QMS/RDEP | AVP |
| 5:10 – 5:20 | Paggawad ng Parangal/Pagkilala | Socorro V. Dela Rosa, CESO V<br>Tagapamanihala<br>Cecile C. Ferro, CESO VI<br>Kawaksing Tagapamanihala<br>Romel G. Petajen<br>Punong Tagamasid (CID)<br>Ma. Gina M. Templonuevo<br>Tagamasid (Filipino) |
| 5:40 – 6:00 | Mensahe | Cecile C. Ferro, CESO VI<br>Kawaksing Tagapamanihala<br><br>Socorro V. Dela Rosa, CESO V<br>Tagapamanihala |
| 6:00 – 6:10 | Hamon | Romel G. Petajen<br>Punong Tagamasid (CID) |
| 6:10 – 6:15 | Pagtanggap ng Hamon | Panalong Tagapagsanay Sa Sulat-Bigkas ng Talumpati |
| 6:15 – 6:20 | Pasasalamat | Ma. Gina M. Templonuevo<br>Tagamasid Pansangay (Filipino) |
| 6:20 – 6:30 | Pagpapalarawan | |
| | Mga Guro ng Palatuntunan<br><br>Joshua Loyd Orgaya TIII (Dororian NHS)<br>Roselle Templonuevo MT I (CNHS) | |



CS CamScanner